## Mga Paratang ng Katiwalian na Kinasasangkutan ng mga Anak ng Politiko

**2025-056-FB-MR**

### Buod

Pinanindigan ng Oversight Board ang desisyon ng Meta na hindi tanggalin ang isang Facebook post na gumagawa ng mga alegasyon ng katiwalian laban sa isang Pilipinong politiko, na gumagamit ng mga image niya at ng kaniyang mga anak, kung saan lumalabas na menor de edad pa lang ang ilan sa kanila. Sa kasong ito, napag-alaman ng Board na ang wikang ginamit ay hindi naglalaman ng direkta o nakapailalim na pagbabanta kundi mas malinaw itong nauunawaan bilang isang pangakong ilantad ang katiwalian ng isang pampublikong tao. Nauunawaan ng Board na ang mga karapatan at kaligtasan ng mga bata ay dapat mapangalagaan sa lahat ng pagkakataon. Gayunman, hindi dapat pabayaan ang mga pampublikong opisyal na gamitin ang mga proteksiyong ito upang makaiwas sa pambabatikos. Ang simpleng pagbanggit lang sa mga bata sa mga alegasyon ng katiwalian ay hindi maaaring magpatahimik sa mga nasabing paratang kung saan ginagamit ang mga bata bilang proxy.

### Tungkol sa Kaso

Noong Abril 2025, nag-post ang isang Facebook user ng dalawang image sa page ng isang Facebook group. Ipinakikita sa unang image si Elizaldy Salcedo Co, na isang Pilipinong politiko, at ang kaniyang pamilya, kasama na ang kaniyang mga menor de edad na anak. Nagpapakita naman ang ikalawang image ng isang eroplanong lumilipad sa ibabaw ng tubig. Ayon sa caption, na nasa wikang Tagalog at Ingles, mayroong eroplanong Gulfstream na nakapangalan sa mga bata at kinukuwestiyon nito kung paano ito nabili.

Kasama sa caption ang mga pariralang: "Hindi na baleng mawalan ng kaligtasan at seguridad ang pamilya mo. Ano, Zaldy?" at "Ito ang kapalit, Zaldy… ang pamilya mo." Nagtatapos ang caption sa mga salitang Tagalog, "Hindi ka namin patahimikin." Isinalin ng Meta ang pahayag na ito bilang, "Tutugisin [ka] namin." Hindi ipinakahulugan ng Meta ang parirala bilang pagbabantang maghasik ng karahasan, kundi isang pagtatangkang puksain ang katiwalian. Komunsulta ang Board sa mga eksperto sa lingguwistika na nagkumpirma sa interpretasyong ito, na nagpaliwanag sa ibig ipakahulugan ng parirala na, "Hindi ka namin tatantanan."

Naibahagi ang post nang higit sa 4,000 beses at umani ito ng 1.7 milyong view. Dalawang magkaibang Meta classifier – na idinisenyo upang maghanap ng viral na content na posibleng lumalabag sa patakaran sa Karahasan at Pag-udyok ng Karahasan, at viral na content na maaaring may kinalaman sa pananakit sa mga kabataan – ang tumukoy rito. Hindi isinapriyoridad ang dalawang ulat na ito upang maipasuri sa mga tao, at nanatili sa platform ang post.

Sinuri ng Meta ang post pagkatapos makatanggap ng ulat tungkol sa content mula sa isang kontak sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas. Pagkatapos analisahin ang post at konsultahin ang mga lokal na eksperto, nabuo ng kompanya ang kongklusyong hindi ito lumalabag at pinanatili ito sa platform. Isinangguni ng Meta ang kaso sa Oversight Board.

**Mga Pangunahing Napag-alaman**

Napag-alaman ng Board na ang wikang nasa post ay hindi naglalaman ng direkta o nakapailalim na marahas na pagbabanta kundi mas malinaw itong nauunawaan bilang pagtuligsa at pangako na ilantad ang katiwalian ng isang pampublikong tao.

Ang mga isyung may kinalaman sa mga posibleng pagbabanta sa kaligtasan ng mga bata online ay dapat seryosohin at agad na aksiyunan. Gayunman, sa kasong ito, napag-alaman ng Board na ang mga alegasyon ng katiwalian ay nakadirekta lang sa politiko, at hindi sa mga miyembro ng kaniyang pamilya.

Hindi nilabag ng content ang patakaran sa pananakot (bullying) at panggigipit (harassment), na nagbabawal sa paggawa ng mga alegasyon ng ilegal na asal laban sa mga pribadong menor de edad, dahil nakadirekta ang post sa kanilang ama. Hindi rin nilabag ng post ang panloob na patnubay ng Meta na nagbabawal sa mga alegasyon ng krimen laban sa mga taong nasa hustong gulang kapag puwede itong humantong sa kapahamakan offline.

Binibigyang-diin ng Board na dapat maging malaya ang mga tao na ipahayag ang kanilang mga pananaw sa politika, kabilang na rito ang pamumuna sa mga politiko, nang walang pangambang mapatahimik (censorship). Sa ilalim ng mga internasyonal na batas sa mga karapatang pantao, ang nasabing pananalita ay nakapailalim sa protektadong pagpapahayag sa politika. Ang mga namumuno sa politika at mga pampublikong opisyal ay kailangang higit na maging bukas sa pagtanggap ng mga pambabatikos at pamumuna kaysa sa mga pribadong indibidwal, dahil sa maimpluwensiyang tungkuling ginagampanan nila sa mga usaping pampubliko.

Dapat gawan ng ebalwasyon ang pamumuna sa mga pampublikong opisyal batay sa panlipunan at lingguwistika nitong konteksto upang maunawaan ang mga peligrong maaari nitong idulot, lalo na sa mga kapaligiran kung saan maaaring pinaghihigpitan o mapanganib ang paglalantad ng katiwalian. Bagaman puwedeng mangyari ang mga alegasyon ng katiwalian sa konteksto ng mga mapagbantang pag-atake, dapat matukoy ng Meta na kapag walang umiiral na banta ng karahasan – tulad ng sa kasong ito – ang mga nasabing hiling ay maaaring hindi talaga naglalayong protektahan ang mga bata kundi isang pagtatangka ng mga makapangyarihang tao na talikuran ang kanilang pananagutan. Dapat ay naaayon sa pangangailangan at angkop ang pagtugon, nang isinasaalang-alang ang konteksto at wika. Dapat nitong kilalanin ang matinding interes ng publiko sa katapatan, pananagutan, at proteksiyon para sa pananalitang nambibintang ng katiwalian sa mga pampublikong opisyal.

Ibinabaling ng Board ang atensiyon ng Meta sa mga rekomendasyon mula sa mga nakaraang kasong humihiling sa Meta na ilathala ang panloob na patnubay nito upang mas malinaw na maunawaan ng mga user kung ano ang pinapayagan at hindi. Dapat tiyakin ng Meta na nakakukuha ito ng tulong mula sa mga lokal na eksperto at mga eksperto sa konteksto upang makagawa ng mabibigat na desisyon tungkol sa content na may mga posibleng pagbabanta, tulad ng sa kasong ito.

**Ang Desisyon ng Oversight Board**

Pinaninindigan ng Board ang desisyon ng Meta na hindi tanggalin ang content.

Inuulit din ng Board ang mga nakaraang rekomendasyon na pagbutihin pa ng Meta ang pagpapatupad ng patakaran batay sa kontekstuwal na pag-aanalisa kaugnay ng posibleng mapagbantang wika, na inisyu sa mga kaso ng Slogan ng Protesta sa Iran, Pagtawag sa Kababaihan na Magprotesta sa Cuba at Mga Pahayag Tungkol sa Punong Ministro ng Japan. Kabilang na rito ang pag-update sa panloob na patnubay na ibinibigay sa mga tagasuri ng content, kung saanman angkop, upang matugunan ng kompanya ang anumang kawalan ng linaw, kakulangan o hindi pagkakatugma.

*Ang mga buod ng kaso ay nagbibigay ng pangkalahatang ideya tungkol sa mga kaso at hindi magdudulot ng pakinabang sa mga susunod na kaso.